Ang Kasunduan ay unang nilagdaan noong ika-6 ng Pebrero 1840. Ito ay isinulat sa salitang Maori at ang pangalan nito ay **Te Tiriti o Waitangi**. Ito ang mga pangunahing punto ng napagkasunduan.

# ISANG BUOD NG KASUNDUAN NG WAITANGI

## PAUNA

Layunin ng Reyna na panatilihin ng mga pinuno ng Maori at ng mga ankan sa New Zealand ang kanilang lupain at kalayaan, sa layuning ang lahat ay mamuhay na payapa. Ang kasunduan na ito ay upang magkaroon ng Gobernador para sa kanyang mga taong nasa New Zealand ngayon at para na rin sa mga darating sa hinaharap.

## UNA

Ibinibigay ng mga pinunong Maori sa Reyna ng Inglatera ang karapatan magpakailanman na magkaroon ng Gobernador sa kanilang mga lupain.

## PANGALAWA

Sumasang-ayon ang Reyna na panatilihin ng Maori ang kanilang kalayaan at dakilang kapangyarihan sa lahat ng kanilang mga lupain at sa lahat ng bagay na mahalaga sa kanila. Pinahihintulutan ng mga pinunong Maori ang Reyna na magkaroon ng mga piraso ng lupa sa napagkasunduang halaga, kung ang may-ari ay gustong mag-alok nito.

## PANGATLO

Aalagaan ng Reyna ang mga Maori at inaalok sa kanila ang mga karapatan katulad ng mga tao ng Inglatera.

## ANG PANG-APAT

### (SINUMPAANG SALITA)

Ipinapangako ng Gobernador na poprotektahan nito ang mga kaugalian ng Maori at ang lahat na pananampalataya sa New Zealand.

KASUNDUAN NG WAITANGI